1

# MTB - MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 10:
## Pagsasadula ng mga Teksto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 10: Pagsasadula ng mga Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Charisse G. Acob

**Editor:** Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon R. Prestoza, Lany G. Cabacungan, Valen F. Cabacungan, Lorilai D. Ayuman, Gay M. Perico, Richelle S. Uy

**Tagasuri:** Bengielyn R. Gaya

**Tagaguhit:** Charisse G. Acob, Florante Salazar

**Tagalapat:** Charisse G. Acob, Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James Pamittan
Rodrigo V. Pascua
Maria Christina A. Acosta
Marietess B. Baquiran
Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# MTB - MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 10:
## Pagsasadula ng mga Teksto

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito. Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ng magandang pagkakataon upang maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue (Tagalog) sa unang baitang. Dito nakapagpapahayag ka ng iyong damdamin tungkol sa mga teksto.

Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang maisadula mo ang pagsagot sa mga teksto (alamat, pabula, at tula).



# *Subukin*

Makinig nang mabuti sa nanay habang binabasa niya ang mga teksto ayon sa emosyon o damdamin na nakasaad sa bawat bilang na mula sa mga piling linya sa iba't ibang teksto. Pagkatapos ay sasabayan ang nanay sa pagbabasa ayon sa emosyon at damdamin.

**1. MALUNGKOT**



"Parang awa mo na tulungan mo ako.
Di ko na kakayanin ang bigat ng dala ko."
(Mula sa pabulang "Ang Kabayo at Ang Kalabaw")

**2. MASAYA**



"Ang puting pagkain na ito aymakapagpapalakas sa inyo." (Mula sa "Alamat ng Palay")

**3. GULAT**



"Gagamba sa bubong aking pinagmasdan
Sa gitna ng sapot na kanyang tahanan."
(Mula sa tulang "Gayahin ang Gagamba")

**4. GALIT**



"Iyan ang napapala ng mga anak namatigas ang ulo."
(Mula sa pabulang "Mag-anak na Langgam")

**Aralin 10**

# Pagsadula ng mga Teksto

Ang araling ito ay naglalaman ng iba't ibang mga babasahin kagaya ng alamat, pabula at tula ng ating bayan. Nagtataglay ang araling ito ng mga aral upang matuto. Dagdag pa rito ang mga pagsasanay na lilinang sa mga kakayahan at kasanayan ng bawat mag-aaral gamit ang iba't ibang pagdulog.

## *Balikan*

Sabayan ang nanay sa pagbabasa ng tula nang may tamang bigkas, intonasyon at damdamin. Sabihin ang mga panghalip na may wastong pagpapaikli.

**Batang Munti**

Ako'y isang batang munti
Pinanganak na masipag at mabuti
Sa magulang ay tumutulong palagi
At nangangarap ng sari-sari.

Ako'y isang batang munti
Na nag-aaral nang Mabuti
Hatid ko'y kasiyahan at ngiti
Dasal na matupad ang minimithi.

### Mga Tala para sa Guro

Tulungan ang mga mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng kanilang lakas. Gabayan sila kung ano ang kanilang mararamdaman kapag may natutuhan silang bago. Payagan silang ilarawan ang kanilang damdamin pagkatapos nilang malaman ang isang bagay. Makipag-ugnay sa mga mag-aaral upang maipakita ang pagnanasa sa pagkatuto.

## *Tuklasin*

Makinig nang mabuti habang binabasa ng nanay ang alamat at ihanda ang sarili sa maikling pagsasadula. Isadula ang bahagi ng alamat na nagsasalaysay ng mga pangyayari hinggil sa pinagmulan ng mais ng may wastong damdamin o emosyon.



**Ang Alamat ng Mais**

Sa isang mabundok na lugar may pamilyang naninirahan. Tatlo ang kanilang anak, sina Maey, Juan at Maeta.

Sa kanilang mga anak, kakaiba itong si Maey dahil sa kanyang kagandahan, kakinisan ng balat at napakagandang buhok, na parang ginto kapag nasisinagan ng araw.

*"Ano ka ba naman Maey hanggang kailan ka matatapos sa pagsusuklay?"* sigaw ng kanyang ate.

*"Tigilan niyo na nga ang pagtatalo at ikaw namanMaey gawin mo ang aming pinag-uutos",* ang sabi ng kanyang kuya.

*"Mga anak pagbigyan niyo na si Maey, mabuti naman ang kanyang ginagawa. Ako na ang gagawa sa pinag-uutos ninyo",* ang sabi ng kanilang ina.

Isang araw, nagkasakit ang kanilang ina. Ang ama nalamang nila ang nagtatrabaho kung kaya't tumulong na rin sina Maeta at Juan.

Pumunta sa ibang bayan ang kanyang ama at mga kapatid para magbenta. Bago sila umalis, binilin nila si Maey na diligan ang mga pananim, pakainin ang mga alagang hayop, at bantayan ang inang may sakit.

Pagkaalis nila ay pumasok na siya at nagsimulang magsuklay ng kanyang buhok. Hindi na niya namalayan ang oras hanggang sa nakabalik na ang ama at ang mga kapatid.

*"Ano ka ba naman Maey, pagsusuklay na naman ang ginagawa mo, dapat ginawa mo muna ang pinagbilin ko sa iyo. Bukas gugupitin ko na ang iyong buhok!",* pagalit na sabi ng ama.

Makalipas ang ilang linggo, hindi na nila nakita si Maey.

Habang naglilinis ng bakuran si Maeta, nakakita siya ng isang halaman na kulay ginto at madulas na kapareho ng buhok ni Maey. Sila'y napaiyak at inisip nila na ang halamang iyon ay si Maey. Simula noon, tinawag na nila itong mais.

Sagutin ang mga tanong nang pasalita.


1. Ano ang naramdaman mo sa hindi pagsunod ni Maey sa mga utos ng kanyang ama at mgakapatid?

2. Kung may iniutos ka sa iyong kapatid, ano ang mararamdaman mo kung hindi niya ito susundin?

3. Inutusan ng tatay ang kanyang anak na maglinis ng bakuran. Dali-dali niyang kinuha ang walis at pandakot at nagsimulang maglinis. Ano kaya ang mararamdaman ng kanyang tatay sa ginawa ng kanyang anak?

## *Suriin*


Ano ang pinakagusto mong linya mula sa "AngAlamat ng Mais". Pumili ng isa at isadula ito nang maytamang emosyon.



## *Pagyamanin*

A. Bumuo ng nararapat na sagot sa mga sumusunod na teksto mula sa "Ang Alamat ng Mais" nang may wastong damdamin o emosyon. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.





| | |
|---|---|
| **TATAY**<br>• Anak, dapat ay diligan mo ang mga pananim, pakainin ang alagang hayop, linisin ang bakuran at pakainin ang iyong inang may sakit. | **ANAK** |
| **KUYA AT ATE**<br>• Maey sana naman gawin mo rin ang mga pinag- uutos namin. | **KAPATID(IKAW)** |

## *Isaisip*

Ang salitang **dula** ay isang kathang-isip na representasyon sa pamamagitan ng pagganap. Ito ay ginagampanan ng mga piling tauhan. Ang gawaing ito ay binibigyang buhay o damdamin ang mga tauhan.

**Alamat** - isang uri ng kuwentong bayan na nagsasalaysay ng mga pinagmulan ng mga bagay-bagay sa daigdig.

**Pabula** - isang uri ng kathang kuwento kung saan ang mga hayop o kaya mga bagay na walang-buhay ang gumaganap na mga tauhan.



**Tula** - isang anyo ng panitikan na nagpapahayag ng damdamin ng isang tao na binubuo ng taludturan, saknong at tugma.

## Isagawa

Isadula ang mga sumusunod na sitwasyon, saka lagyan ng pahayag o dayalogo. Gumuhit ng *speech balloon* sa inyong kuwaderno at dito ilagay ang iyong dayalogo.



1. May isang hayop na nilalamig at nangangailangan ng tulong.

   *(Pabula: Ang Kalabaw at Kambing)*

2. Nagpagalingan sila nang nagpagalingan at walang nagpapatalo. Gusto nilang lahat na mabigyan ng gantimpala kaya lalong tumindi ang alitan.


   *(Alamat: Ang Alamat ng Bahaghari*)

3. Kilala mo ako, ako ay isang aklat.
Sa bawat pahina ay may nakasulat.
Mahalin mo ako, ako ay pag-ingatan mo.
Sa pag-aaral mo, kita'y tutulungan.

*(Tula: Aklat)*








## *Tayahin*

Sabayan ang nanay sa pagbigkas nang may wastong damdamin at intonasyon ang tula.



**Ako ay May Alaga**

Ako’y may alaga

Asong mataba

Buntot niya’y mahaba

Makinis ang mukha

Mahal niya ako


Mahal ko rin siya

Kaya kaming dalawa

Ay laging magkasama.


## *Karagdagang Gawain*

Piliin ang mga bahagi sa pabula na nagpapakita ng iba't ibang damdamin. Sabihin kung ang mga teksto ay nagpapakita ng mga sumusunod na damdamin.




**Ang Lobo at Ang Ubas**






Minsan ay inabot ng gutom sa kagubatan ang isang lobo. Nakakita siya ng isang puno ng ubas na hitik sa hinog na bunga. *"Swerte ko naman. Hinog na at tila matatamis ang bunga ng ubas",* ang sabi ng lobo sa sarili.

Lumundag ang lobo upang sakmalin ang isang bungkos ng hinog na ubas subalit hindi niya maabot ang bunga. Lumundag siyang muli, at muli, at muli pa, subalit hindi pa rin niya maabot ang ubas.

Nang mapagod na ay sumuko rin sa wakas ang lobo at malungkot na umalis palayo sa puno. *"Hindi na bale, tiyak na maasim naman ang bunga ng ubas na iyon"*, ang sabi niya sa sarili.

**Mabuting Aral:**



## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

Ako'y

Ako'y

Ko'y

## RUBRIKS/PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL NG DULA

### A. SUBUKIN

Iskala ng pagmamarka:

3-Lubhang kahika-hikayat
2-Kahika-hikayat
1-Di-gaanong kahika-hikayat

| Krayterya | Sarili |
|---|---|
| Tinig | |
| Ekspresyon ng mukha | |
| Bigkas | |

### B. BALIKAN

| Krayterya | Bahagdan % | Sarili |
|---|---|---|
| Malinaw ang pagbigkas | 25% | |
| Angkop ang paghina at paglakas ng tinig ayon sa diwa at damdaming nakapaloob sa binasa | 25% | |
| Makikitaan ng pagiging malikhainsa presentasyon | 50% | |

## C. TUKLASIN

Iskala ng pagmamarka:

3-Lubhang kahika-hikayat
2-Kahika-hikayat
1-Di-gaanong kahika-hikayat

| Krayterya | Sarili |
|---|---|
| Nagpapakita ng wastong emosyon odamdamin | |
| Maayos ang pagbigkas | |
| Wasto ang ekspresyon ng mukha | |

## D. SURIIN

Iskala ng pagmamarka:

3-Lubhang kahika-hikayat
2-Kahika-hikayat
1-Di-gaanong kahika-hikayat

| Krayterya | Sarili |
|---|---|
| Nagpapakita ng wastong emosyon o damdamin | |
| Maayos ang pagbigkas | |
| Wasto ang ekspresyon ng mukha | |

## E. PAGYAMANIN

| Krayterya | Bahagdan 100% | Sarili |
|---|---|---|
| Nakabubuo ng nararapat na sagot | 20% | |
| Malinaw ang pagbigkas | 25% | |
| Wasto ang ekspresyon ng mukha | 25% | |
| Angkop ang paghina at paglakas ng tinig ayon sa diwa at damdaming nakapaloob sa binasa | 30% | |

## F. ISAGAWA

| Krayterya | Bahagdan 100% | Sarili |
|---|---|---|
| Nakabubuo ng nararapat na sagot | 20% | |
| Malinaw ang pagbigkas | 25% | |
| Wasto ang ekspresyon ng mukha | 25% | |
| Angkop ang paghina at paglakas ng tinig ayon sa diwa at damdaming nakapaloob sa binasa | 30% | |

## G. TAYAHIN

Iskala ng pagmamarka:

3-Lubhang kahika-hikayat
2-Kahika-hikayat
1-Di-gaanong kahika-hikayat

| Krayterya | Sarili |
|---|---|
| Akma ang bawat kilos at galaw | |
| Malinaw ang pagbigkas | |
| Angkop ang paghina at paglakas ng tinig ayon sa diwa at damdaming nakapaloob sa binasa | |

## H. KARAGDAGANG GAWAIN

| Krayterya | 3-Lubhang Kahika-hikayat | 2-Kahika-hikayat | 1-Di-Gaanong Kahika-hikayat | Sarili |
|---|---|---|---|---|
| Tinig | Angkop ang paghina at paglakas ng tinigayon sa diwa at damdaming nakapaloob sa binasa | Pabagu-bago ang lakas at hina ng boses at katamtaman lamang ang pagpapadama ng damdamin | Di-gaanong naiparinig ang pagbabago ng lakas at hina ng tinig gayundin angdamdaming nakapaloob sa binasa. | |
| Tindig | Akma ang bawatkilos at galaw | May ilang galaw at kilos na di-gaanongangkop. | Kulang ang kilos naipinakita. | |
| Bigkas | Malinaw ang bigkas. Napalutang nito ang damdaming | Malinaw ang bigkas bagamat may ilang bahagi ito na di-gaanong | Di-gaanong malinaw ang pagbigkas sa mga salita. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | namamayani rito | nabigkas | | |
| | | | Kabuuang Puntos | |

## *Sanggunian*

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020, p. 369

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide (Tagalog), pages 138-141

**Websites**

Batang Munti https://www.wattpad.com/amp/712750247

Ang Alamat ng Maishttp://melisalyndiaz.blogspot.com/2014/11/ang-alamat-ng-mais.html?m=1

Ako ay May Alaga https://www.tagaloglang.com/ako-ay-may-alaga/

Ang Lobo at Ang Ubas http:/www.katig.com/pabula05.html

Ang Kabayo at Ang Kalabaw https://www.scribd.com/doc/52624883/Ang-Pabula- ng-Kabayo-at-Kalabaw

Ang Alamat ng Palayhttps://www.google.com/amp/s/www.wikakids.com/filipino/alamat/alamat-ng-palay/amp/

Gayahin ang Gagamba
https://drive.google.com/file/d/1KVrSVqsPJOEN4Ypht9lb6gu9ymMiAlaY/view

Mag-anak na langgam
https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-fables-mga-pabula-ang-mag-anak-na-langgam- pabula-fable_1025.html

Ang Kalabaw at Kambing
https://m.facebook.com/permalink.php?id=2236549376629771&story_fbid=2274409859510389

Alamat ng Bahaghari https://buklat.blogspot.com/2017/10/ang-alamat-ng-bahaghari.html?m=1

Aklat
https://www.pinterest.ph/pin/716072409481248562/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph